# BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 8, BLG. 3 DAET, CAMARINES NORTE SETYEMBRE 2008
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cams. Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com


nasa loob


EDITORYAL 4
PIKTORYAL 5
Salamat Gob HELP column p 2



Gob. Jesus Typoco, Jr.


Pang. Gloria .M. Arroyo

# PGMA dumalo sa pagbubukas ng Busig-on Festival sa Labo, nangakong pauunlarin ang pagsasaka sa CNorte









Naging panauhing pandangal si Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo sa pagbubukas ng *10th Busig-on Festival* sa bayan ng Labo noong Setyembre 1 na ginanap sa *Labo Sports Plaza.*

Ang seremonya sa

(Sundan sa pahina 8)

*Nagbibigay ng mensahe si Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo sa ika-10 taong selebrasyon ng Busig-on Festival ng Labo, habang ang mga lokal na opisyal ng lalawigan sa pangunguna ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. at Mayor Winnie Oco ng Labo ay nakikinig habang kasama rin dito si Cong. Liwayway Vinzons-Chato. Dumalo rin si Pangulong Arroyo sa groundbreaking ceremony ng biomass boiler facility sa Jose Panganiban kasama niya ang mga opisyal ng Pan Century Surfactants Inc.*

# PGMA nanguna sa groundbreaking ceremony ng biomass boiler facility ng PCSI sa J. Panganiban

Matapos bumisita ang Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo sa bayan ng Labo kamakailan, nagtungo ito sa bayan ng J. Panganiban at pinangunahan ang *groundbreaking ceremony* ng *Biomass Boiler Facility (BBF)* ng *Pan Century Surfactants, Inc. (PCSI),* na inaasahang makapagdaragdag ng $1 bilyon bilang bagong puhunan sa bansa.

Ang Pangulo ay sinalubong nina Jose Panganiban Mayor William Lim, Kapitan Salvador Tabirao ng Brgy. Osmeña, *PCSI President* and *CEO* Dinesh Shukla at *Philippine National Police (PNP) Provincial Director P/S Supt.* Noel Constantino.

Nakaharap dito ng pangulo ang ilang pinakamatataas na opisyal ng *PCSI na sina* Hanuman Prasad Jalan, *vice-president (VP) for finance and commercial;* Nitin Janardan Deshmukh, *assistant VP for marketing;* Shishir Garg, *Finance Manager;* at *PCSI consul-*

(Sundan sa pahina 8)




# DepEd CNorte hihikayating magbukas ng eSkwela na unang inilunsad ng Zamboanga City



Ma. Teresa Camba
NCC Director

Sa pamamagitan ng *eSkwela* ay maaari nang magkaroon/makakuha ng *high school diploma* ang mga *out-of-school youth and adults (OSYAs)*. Ito ang ipinahayag kamakailan ni Ms. Maria Teresa Magadia Camba, *Director for Field Operations, National Computer Center-Commission on Information and Communications Technology (NCC-CICT)*.

Ang naturang proyekto na nakalaan para makapagbigay ng *ICT-enhanced educational opportunities* sa mga Pilipinong *OSYAs* ay naglalayong mabawasan ang *local digital divide* at maiangat ang kakayahan ng mga *OSYAs* para maging matagumpay na kabahagi sa *global, knowledge-based economy*.

Ito ay ipinatutupad ng *CICT* sa pakikipagtulungan ng *Department of Education (DepEd)*, upang matugunan ang problema sa mataas na *dropout rates* sa *secondary school level*.

Kabilang sa mga benepisyong hatid ng *eSkwela* kumpara sa tradisyonal na paaralan, ay ang magkahalong uri ng *learner-centered instruction* kung saan ang mga mag-aaral ay sasailalim sa isang oras na *computer-aided learning* sa pamamagitan ng *interactive e-learning modules* at karagdagang isang oras na *teacher-led instruction* base sa kasalukuyang pangangailangan ng mga mag-aaral.

Pormal na binuksan sa publiko noong Setyembre 24, 2008 ang lokal na *eSkwela* na matatagpuan sa *Community e-Center (CeC)* ng *NCC-Field Operations Office (NCC-FOO)* sa Tumaga, Zamboanga City. Naisakatuparan ito sa pagtutulungan ng *NCC-FOO* at panrehiyong dibisyon ng *DepEd-Alternative Learning System (DepEd-ALS)*.

Si Dir. Camba na nagsulong sa pagtatayo ng *eSkwela* sa naturang lungsod ay nagsabi na sa hinaharap ay mas marami pang *CeCs* sa bansa ang magiging *eSkwela centers* na magbibigay ng *learning opportunities* para sa mga *OSYAs*.

Maliban sa paglalaan ng *space requirements*, ang NCC-FOO ay magbibigay rin ng *computer units, electricity* at *internet connectivity*. Titiyakin naman ng *DepEd* ang *availability* ng mga *mobile teachers* at mga *instructional managers* gayundin ang pagpili sa mga *learner recipients*.

Ang labimpitong (17) guro mula sa *DepEd-ALS* ay sumailalim na kamakailan sa *computer training* na isinagawa sa *NCC*. Isasailalim din sa *training on basic computer usage and applications* ang 30 *out-of-school youths (OSYs)* bago ang kanilang aktwal na *pilot classes* gamit ang *eSkwela modules*.

Samantala, kaugnay ng nabanggit na paghahatid-balita ng *NCC-CICT* sa *Community Affairs Office* ng Tanggapan ng Gobernador sa lalawigan ng Camarines Norte bilang kasapi ng *Philippine CeC Network (PhilCeCNet)* na nagkaloob ng tulong sa pagbubukas ng *Community Electronics Center* dito, makikipag-ugnayan si Gg. Purita Briñas, *CAO IV*, sa mga taga-*DepEd Division Office* upang ang mga pampaaralang sekondarya sa lalawigan ay mabenepisyuhan ng nasabing programa at upang mabawasan din ang mga *OSYs* dito. ***LT IBASCO/ncc***





***Si Dr. Anita DV Jalgalado ng Provincial Health Office(PHO) nang siya ay magbigay ng mensahe sa Healthy Lifestyle Seminar na isinagawa sa Audio Visual Production Center ng kapitolyo na dinaluhan ng mga kawani mula sa iba't-ibang departamento, ganundin ang sa iba't-ibang ahensyang pangnasyonal dito sa lalawigan. Ang nasabing aktibidad ay bahagi pa rin ng isang buwang selebrasyo dito ng ika-108 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil.***


## Salamat Gob HELP column

### Personal na Tulong-Pinansyal ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

| | | |
|---|---|---|
| Sept 3 | Rommel Maldeva of Brgy. Talusan, Paracale for medical treatment and operation of Rhea Maldeva | P 2,000.00 |
| | Jacquilin Yang Uy of Chung Hua High School for the prizes during their sportsfest activities | 5,000.00 |
| | Kristin Dale A. Rivera of CNSC Laboratory High School for the 6th National Leadership Training for SGO at Teacher's Camp Baguio City | 1,000.00 |
| | Elena D. Anacin of Brgy. Cabanbanan, Co-Chairman Amateur Singing Contest at San Vicente for prizes | 1,000.00 |
| | Rey R. Aberia, School BSP Coordinator of Mercedes Elementary School for the 60th Charter Anniversary Diamond Jubilee Jamborette | 1,000.00 |
| Sept 8 | Mrs. Carmen Rayos of Brgy Poblacion, Paracale for burial assistance | 1,000.00 |
| | Renalyn C. Enriquez, CSC, CBPA President for their sportsfest | 5,000.00 |
| | Juliet San Jose, Treasurer of DLC-San Mauricio Elem. School for their DLC instruments | 20,000.00 |
| 15 | Leopoldo Liwag, Coordinator of PREX Batch 25 for their lecture sessions | 1,000.00 |
| | Fidel H. Villapando, President of Habitat for Humanilty Alawihao Habitat Homepartners Association (ALOHA) for their induction ceremony | 1,000.00 |
| | Kgd. Ely M. Avecilla of CN-Jail and Fire Officers Retirees Assn. Inc. for their induction ceremony | 1,000.00 |
| | Hazel Talento of Brgy. Awitan, Daet for medicine assistance to her father Gil Talento | 500.00 |
| | Balen Barrameda of Brgy. Sta. Rosa, Jose Panganiban for medicine assistance of her child | 500.00 |
| | Rommel Sacriz, Chairman, committee on solicitation of Daet Matador Butcher Association for the T-shorts to be used during the fluvial procession of Our Lady of Peñafrancia | 10,000.00 |
| | **TOTAL** | **P 50,000.00** |

# Mga empleyado ng pamahalaan sa CNorte nakiisa sa Tree-planting

## sa pagdiriwang ng ika-108 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas



*ENGR. POL BADIOLA*

Pinangunahan ng pamahalaang panlalawigan ang *replanting/tree planting* na isinagawa noong Setyembre 12 sa *Bicol National Park (BNP)* sa Brgy. Tuaca sa bayan ng Basud.

Bahagi pa rin ito ng 1-buwang selebrasyon ng ika-108 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas ngayong taon na may temang, *"Republic Service* – Kabalikat ng Bayan sa Panahon ng Paghamon".

Ang nabanggit na aktibidad ay nakapaloob sa Atas Tagapagpaganap Blg. 2008-19 na una nang ipinalabas ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. noong Agosto 14, 2008

Una rito, inanyayahan ng gobernador ang lahat na mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan at pambansang tanggapan at ahensya ng pamahalaang nasyonal sa Camarines Norte na makiisa at lumahok sa naturang gawain.

Kaugnay nito, ipinalabas din kamakailan ng gobernador ang isang *unnumbered memorandum* na nagtatalaga sa *General Services Office (GSO)* at *Provincial Engineer's Office (PEO)* na maglaan ng mga sasakyan para sa paghakot ng mga pantanim sa *Bicol National Park (BNP)* isang araw bago ang pagtatanim. Tumalima sa kautusan ang *GSO* at *PEO* na magkatuwang na naghatid at sumundo sa mga opisyal at kawani mula sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaan dito na nakiisa sa *tree planting activity*.

Bilang karagdagan, pinangasiwaan din ng *GSO* ang paggawa at pagsabit ng istremer sa bahagi ng Brgy. Tuaca na malapit sa lugar na pinagtaniman para sa kaalaman at impormasyon ng publiko. Pinamahalaan naman ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division (EERMD)* ang paghahanda sa lugar na pinagtaniman gayundin ang mga semilyang itinanim sa *BNP*.

Ang pagtsek naman sa *attendance* ng mga kalahok ay pinangunahan ng *Human Resource Management Division (HRMD)* samantalang ang dokumentasyon naman ng naturang gawain ay isinagawa ng *Community Affairs Office (CAO)*. **LT IBASCO**








***Ang mga kawani mula sa iba't-ibang ahensiya ng pamahalaan ay lumahok sa isinagawang tree-planting activity na ginanap sa Bicol National Park sa Brgy. Tuaca, Basud kaugnay ng selebrasyon ng Serbisyo Sibil dito sa lalawigan. Lumahok din dito ang Lions Club of Daet sa pangunguna ni General Services Officer Rene Ruidera. Ang Provincial Capitol cheering squad nang ipamalas nilang muli ang kanilang winning form sa Cheer Dance sa ginanap na provincial capitol family day sa CN Agro Sports Center.***

# Capitol Family Day isinagawa sa ika-108 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil

Nakagawian nang itampok ng Pamahalaang Panlalawigan ang *'Family Day'* para sa mga opisyal at kawani nito sa pagobserba rito ng taunang anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas.

Isinagawa ito ngayong taon sa *Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center (CNASCC)* sa buong araw ng Setyembre 26 na nagsimula sa ganap na ika-8:30 n.u.. Bahagi pa rin ito ng ika-108 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas simula Setyembre 1-30, 2008 na nakatuon sa temang, "*Republic Service* – Kabalikat ng Bayan sa Panahon ng Paghamon".

Layunin nito na mapatatag ang ugnayan ng mga opisyal at kawani mula sa iba't-ibang tanggapan at dibisyon ng pamahalaang panlalawigan, at magkaroon din sila ng panahon na makapag-relaks at pansamantalang makapagpahinga mula sa kanilang palagiang gawain nang sa gayon ay maiwasan na sila ay mabagot at maging iritable habang gumaganap sa kani-kanilang mga tungkulin.

Bilang karagdagan, ang naturang 1-araw na aktibidad ay tinampukan muli ng iba't-ibang *parlor games* na pinangasiwaan ng *Provincial Planning and Development Office* (PPDO).



Nakapaloob ito sa *unnumbered memorandum* na ipinalabas kamakailan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. na nagtatakda ng gawain ng mga kinauukulang opisyal at tanggapan ng pamaha-

**(Sundan sa pahina 6)**

***Ang mga kawani ng pamahalaang panlalawigan habang nakikipagpaligsahan sa bawa't isa sa isinagawang provincial capitol family day sa CN Agro Sports Center kaugnay ng selebrasyon ng ika-108 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil dito sa lalawigan.***

# EDITORYAL

## PAGDIRIWANG SA SERBISYO SIBIL MAY HAMON SA MGA LINGKOD-BAYAN

Sa pagbubukas ng ika-108 taong pagdiriwang ng Buwan ng Serbisyo Sibil ngayong Setyembre ay naaangkop ang *homily* ni Msgr. Raymundo Jimenez-Asis na natawag ang pansin sa *headline* ng isang pangunahing n*ewspaper* - ang *Philippine Daily Inquirer* na nagsasaad *in bold letters* – *" GOOD GOVERNMENT IS KEY"*.

Sa bahagi ng nasabing *headline*, kanyang binigyang-diin na kahit na anong pagsasama-sama ng mga NGOs *(Non-Government Organization)*, ng pribadong sektor, mga *people's organization, media* at *international* at *multilateral institutions*, hindi matatamo nang mga ito ang isang adhikain ó maipagpapatuloy ito kung walang presensya ng isang epektibo at mapaninindigan walaang pamahalaan partikular na sa lokal. Ang pahayag na ito ay galing sa isang pagtitipon ng 50 Ramon Magsaysay Awardees at 300 *community* at *business leaders* sa Asya.

Sa kanyang pananaw, ang deklarasyong ito ay maaaring hindi galing sa kaisipan ng mga taong naglilingkod sa pamahalaan, subali't ito ay tunay na nangyayari sa kasalukuyan.

Sa kanyang ginawang ilustrasyon, sinabi ni Fr. Asis na ganito ang ibig iparating ng nasabing deklarasyon – GOOD GOVERNMENT – PUBLIC SERVANTS – REPUBLIC SERVICE – SERVICE TO THE PEOPLE, kung saan ang paksa ay: "Republic Service – Kabalikat ng Bayan sa Panahon ng Paghamon".

Nguni't, papaano raw magkakatotoo ito? Ang isang aklat na diumano'y nabasa niya na may pamagat na: "*Voices of the Poor, Crying out for Changes*" ay nagsasaad ng mga pamantayan ng isang mahusay na pamahalaan na itinakda ng mga mahihirap na mga tao sa Gowainghat, Bangladesh, na maaaring maging huwaran tulad ng mga sumusunod:

***Stand beside people in their evil days;***
***Give attention to and listen to the problem of poor people;***
***Have consistency in word and deed;***
***Do not get involved in any corruption;***
***Do not discriminate;***
***Give honest and good suggestions at the time of adverse situation;***
***Do not give special favors to anybody;***
***Give fair verdicts.***

Kung magagawa lang sana ang mga nasasaad sa itaas nito para sa tunay na paglilingkuran, nang taimtim sa kalooban, lahat nang nasa serbisyo sibil, kabilang na ang pinanumpaang tungkulin nito, ay tagumpay na maisasakatuparan, at higit sa lahat, ang mabibiyayaan ay ang mga mamamayan kung saan sila ay makapamumuhay ng matiwasay.

# Mga patimpalak tampok sa ika-98 taong anibersaryo ng kapanganakan ni 'Bintao'



***G. ABEL C. ICATLO***

Simple ngunit makabuluhan ang mga isinagawang aktibidad sa pagdiriwang ng buong lalawigan ng Camarines Norte sa ika-98 taong anibersaryo ng kapanganakan ni Wenceslao *"Bintao"* Q. Vinzons, Sr., bayani at martir ng lalawigan. Itinaguyod ito ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Museum, Archives and Shrine Curation Division-Office of the Governor (MASCD-G.O.)*.

Ang tema ng selebrasyon ngayong taon ay: ***"Wenceslao Q. Vinzons: A Symbol of Leadership by Example"***.

Kaugnay nito, ipinalabas kamakailan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. ang Atas Tagapagpaganap Blg. 2008-20 na nag-atas sa lahat na mga kinauukulang opisyal at tanggapan na itaguyod ang mga gawain at programa ng naturang selebrasyon simula Setyembre 22-28, 2008.

Upang magkaroon ng kaalaman ang mga mamamayan dito patungkol sa buhay ni Bintao, 1-linggong isinahimpapawid sa mga istasyon ng radyo sa lalawigan ang mga pinakamahahalagang bahagi at pangyayari sa buhay ni Bintao bilang isang anak, kaibigan, estudyante, lider-pulitiko, at higit sa lahat - isang bayani at martir.

Isinagawa rin dito sa magkakahiwalay na petsa at lugar ang mga patimpalak tulad ng *essay writing, charcoal painting* at *oratorical contests*.

Naiuwi ni Geraldine C. Taupo ng *AMA Computer Learning Center (ACLC)* ang unang gantimpala sa *essay writing contest* noong Setyembre 24 na nakatuon sa paksang, *"The Relevance of Wenceslao Q. Vinzons in Coping with the Presence of Financial, Fuel and Food Crises"*. Ang ikalawang gantimpala ay nakuha ni Melvin C. Victa ng *Camarines Norte State College (CNSC)*, at; pumangatlo naman si Jayra Lyn A. Santos ng *Mabini Colleges (MC)*.

Sa *charcoal painting contest* noong Setyembre 25, nanguna naman ang kinatawan ng *D.Q. Liwag National High School (DQLNHS)* na si Jeric B. Sayno. Nasungkit naman ni Erwin D. Jamito ng *Basud National High School* ang pangalawang gantimpala, at ang ikatlong gantimpala ay naiuwi ni Jerbert M. Lalaque ng *Camarines Norte National High School (CNNHS)*.

Nagkampeon si Dian April Poblete ng *CNNHS* sa oratorical contest na isinagawa noong Set. 26. Pumangalawa naman kay Poblete si Mirasol N. Rada ng *DQLNHS*, at pumangatlo naman si Jeselle T. Hernandez ng *Vinzons Pilot High School (VPHS)*.

Ang naturang 1-linggong selebrasyon ay pormal na nagtapos sa pamamagitan ng *commemorative mass* sa *St. John the Baptist Parish Church* noong Setyembre 28, araw ng paggunita sa ika-98 taong anibersaryo ng kapanganakan ni Bintao. ***AIDA B. PANDEAGUA/LT IBASCO***



***Ang mga nagwagi sa isinagawang mga patimpalak kaugnay ng selebrasyon dito sa lalawigan ng ika-98 taong anibersaryo ng kapanganakan ni Gat Wenceslao Q. Vinzons na ginanap sa Little Theater ng CN Agro Sports Center. Kasama rito ni Museum Curator Abel C. Icatlo ang kanyang mga staff na sina Beverly Canlas, Aida Pandeagua at iba pa.***

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Wilson V. Porcincula, art/ design .

***REPORTERS:*** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports – Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O. —Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism-Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Deve-lopment Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahili-ngan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Mga piling larawan



1



2


3



*1) Tinanggap ni Gob Jesus O. Typoco, Jr. ang isang Commemorative Key mula kina PSWDO Lorna C. de Claro bilang souvenir nito at pagkilala sa kanyang pagtulong sa naturang aktibidad; 2) Iniaabot ni Pangulong Gloria Macapagal Arroyo kay Mayor Winifredo Oco ng Labo ang tsekeng nagkakahalaga ng 1 milyong (P1M) piso bilang tulong pinansyal sa pagpapalago ng coconut production sa kanilang bayan; 3) Nagbigay rin ng kayang mensahe si Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa ika-10 taong pagdiriwang ng Busig-on Festival sa bayan ng Labo na dinaluhan ni PGMA kasama si Budget Sec. Rolando Andaya na dinaluhan din ni Vice Mayor Dindo V. Pardo at ng mga lokal na opisyal mula sa iba't-ibang bayan sa lalawigan; 4) Ang plaque of commendation na iginawad ng Sangguniang Panlalawigan sa World Vision Development Foundation, Inc. (WVDFI) dahil sa matagumpay na implementasyon nito ng ABK Initiative sa mga bayan ng Labo at Jose Panganiban ay tinanggap ni Ms. Liza Eyo, education project officer ng WVDFI kasama niya sa larawan ang SP Members na si Jonah Pimentel, Joeffrey Pandi, Jose "Buding" Segundo, Bong Avila, Romeo Marmol, Tess Malubay, Ruth Herrera at Mark Julius D. Litana ng SK gayundin si SP Secretary Reby Jardin-Cuaño.*

4


# Capitol Family Day...

*(Mula sa pahina 3)*

laang panlalawigan para masiguro ang maayos na daloy ng nabanggit na gawain.

Ang kabuuang programa ng *family day* ay inihanda nina *Engr.* Gerardo G. Quiñones, *Executive Assistant IV* at *Provincial Social Welfare Officer* Lorna C. de Claro. Ang paghahanda at pagsasaayos ng entablado at lugar ay isinagawa naman ng *General Services Office (GSO)*. Pinangasiwaan naman ng *Community Affairs Office (CAO)* ang dokumentasyon gayundin ang paglalagay ng *sound system*. Ang pagmantine ng kaayusan at katahimikan ng okasyon ay pinamahalaan naman ng *Provincial Custodial and Security Services Division (PCSSD)*. Samantala, ang *attendance* at *food/refreshments* ay pinangasiwaan ng *Human Resource Management Division (HRMD)*. ***LT IBASCO***

**Ika-108 TAONG ANIBERSARYO NG SERBISYO SIBIL NG PILIPINAS**
**Magkakaalinsabay na Seremonya sa Pagtataas ng Watawat**
**03 Setyembre 2008, ika-8:30 n.u.**

**MENSAHE**

*Pagbati mula sa Komisyon ng Serbisyo Sibil!*

*Ngayon ay isang espesyal na araw dahil nagsisilbi itong hudyat sa pagsisimula ng isang buwang selebrasyon na laan para sa atin na mga lingkod-bayan – tayo na maingat at maayos na ginagampanan ang tungkulin kahit na walang pangako ng isang mariwasang pamumuhay, kahit na isakripisyo ang personal na oras at pag-aari, dahil ipinagmamalaki natin at panatag tayo sa pagbibigay ng mahusay na serbisyo sa publiko.*

*Ngayong taon, isaisip natin na mahalagang kontribusyon ng career service sa pagtamo ng hinahangad na pambansang kaunlaran. Sa likod ng bawa't paghihirap at pagsisikap ng pamahalaan ay ang mga opisyal at kawani ng karir serbis na nagpapatatag sa institusyon at kasanayang pampropesyonal na kinakailangan ng pamunuang pampulitikal upang tuluy-tuloy na maisulong ang mga adhikain at programa nito.*

*Ang karir serbis ay hiwalay at natatanging institusyon, na isang katuwang ng pamahalaan. Kaya angkop lamang na ilaan natin ang okasyong ito para ipagdiwang ang bukod-tanging pagkakakilanlan ng karir sebis, at kilalanin at pahalagahan ang mahalagang papel na ginagampanan nito upang maipaabot at maisakatuparan ng pamahalaan ang tungkulin nito sa mga mamamayan.*

*Sa pagbabalik-tanaw natin sa nakalipas na 107 taon, tayo, na mga miyembro ng serbisyo sibil, ay nahaharap sa isang paghamon- ang hamon na maging mas mahusay kaysa kung ano tayo ngayon, at higitan natin kung ano man ang paglilingkod na naibigay na natin.*

*Sama-sama, ialay natin ang susunod na isangdaang taon sa pagbuo ng legacy of leadership at public trust, at ng karir serbis, ang katibayan ng buru-krasyang pampropesyonal.*

*May sigla at pananabik, nais kong batiin ang bawa't isang lingkod-bayan ng isang maligaya at makabuluhang ika – 108 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas!*

*KARINA CONSTANTINO DAVID*
*Tagapangulo*
*Komisyon ng Serbisyo Sibil*






*Isa sa serye ng mga pagsasanay tungkol sa Trafficking in Persons na ginanap sa Puerto Galera kamakailan para sa PNP ng Occidental/Oriental Mindoro na dinaluhan ni CAO Purita P. Briñas sa imbitasyon ni Gen. Yolanda G. Tanigue upang talakayin ang Situationer ng Trafficking sa Pilipinas; ang Context & Effect nito, at ang Philippine Human Rights Standards in the Protection of Trafficked Children. Nagbigay ng pananalita ng pagtanggap si Mayor Hubbert Dolor ng Puerto Galera samantalang si DOJ Sr. State Prosecutor Lilian Doris Alejo naman ang nagtalakay sa Republic Act 9208.*

# Alay Lakad isinagawa sa CNorte



***Angie Villagracia***
***President, CANALFI***

Isinagawa noong Setyembre 26, 2008 ang Alay-Lakad *(Walk for a Cause)* sa ika-6 n.u. ng Setyembre 26, 2008 na nagsimula sa *Provincial Capitol Grounds* at nagtapos sa *Bagasbas Beach*.

Kaagad namang isinagawa sa *Bagasbas Pavilion Hall* ang kaukulang programa kaugnay nito na nakatuon sa temang: "Hakbang Mamamayan, Kinabukasan ng Kabataan".

Una rito, inanyayahan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. ang publiko na makiisa sa naturang aktibidad na taun-taon nitong itinataguyod sa pakikipagtulungan ng *Camarines Norte Alay-Lakad Foundation, Inc. (CNALFI*. Ito ay bilang pagtalima sa *Presidential Proclamation No. 168* na nagdedeklara sa pagsasagawa ng Alay-Lakad tuwing unang Linggo ng Setyembre ng bawat taon. Ang selebrasyon nito sa lalawigan ngayong taon ay ginawang Setyembre 26 bilang suporta kaugnay sa pagdiriwang dito ng *Family Week* at *Civil Service Month*.

Matatandaan din na ipinalabas kamakailan ng gobernador ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 22-2008 na nagtatakda sa pagsasagawa sa Setyembre 26 ng Alay-Lakad ngayong taon at nag-aatas sa lahat na pambansang ahensya ng pamahalaan, pamahalaang lokal, pribado at pampublikong paaralan, *non-government organizations (NGOs)*, establisimyentong pangnegosyo at industriyal, mga sangay at instrumentaliti ng pamahalaan, at publiko, na makiisa at suportahan ang naturang gawain.

Bilang karagdagan, ang Alay-Lakad ay isang *fund raising activity* kung saan ang mga donasyong nalilikom ay ginagamit para matustusan ang mga gastusin sa pag-aaral ng mga kwalipikadong *out-of-school youths (OSYs)* at *child laborers* mula sa iba't-ibang bayan ng Camarines Norte. Ang ibang bahagi ng pondo ay inilalaan naman sa mga pangkabuhayang gawain o *skills training projects* para sa mga benepisaryo nito. ***LT IBASCO***






***Ang isinagawang Alay-Lakad (Walk for Cause) na nilahukan ng mga kawani ng pamahalaan, mag-aaral at non-government organizations (NGOs) na pinangangasiwaan ng Camarines Norte Alay Lakad Foundation, Inc. na naglalayong makakalap ng pondo upang matustusan ang mga proyekto para sa mga out-of-school youths (OSYs). Lumahok dito ang ilang opisyal ng lalawigan na sina SP Members Tess Malubay at Mike Canlas, Jose Rene Ruidera at Lito Toledana ng Lions Club, PIA Head Rey de Leon; Clarissa Cu-Parole Probation, Lorna C. de Claro- PSWDO at mga opisyal ng CNALFI na sina Ms. Angie Villagracia—pangulo nito.***

# Result of 2008 CSC Sportsfest

**Inter-Agencies Sportsfest**
**108th Anniversary Celebration of the Civil Service Month**

***Official Results***

***BASKETBALL***
Champion — Department of Pulic Works & Highway
1st Runner –Up — Prov'l. Gov't. of Camarines Norte
2nd Runner-Up - Cam. Norte Provincial Hospital

***VOLLEYBALL MEN***
Champion — Provincial Government of Cam. Norte
1st Runner-Up — Camarines Norte State College
2nd Runner-Up — Dep't. of Public Works & Highway

***VOLLEYBAL WOMEN***
Champion — Provincial Government of Cam. Norte
1st Runner-Up — Dep't. of Env't & Natural Resources
2nd Runner-Up — LGU Daet

***BADMINTON MEN'S DOUBLES***
Champion — DTI R. Joson and A. Sayno
1st Runner-Up — PGO H. Panotes and H. Gestiada
2nd Runner-Up — DBP L. De Torres & V. Del Mundo

***BADMINTON WOMEN'S DOUBLES***
Champion — PGO N. Hernandez and J. Naing
1st Runner-Up — PGO E. Borja and A. Venida
2nd Runner-Up — PGO F. Santiago and M.T. Auxillio

***BADMINTON MIXED DOUBLES***
Champion — CNSC D. Cabarle and M. Magana
1st Runner-Up — PGO H. Panotes and E. Borja
2nd Runner-Up — PGO H. Gestiada & N. Hernandez

***BILLIARD***
Champion — PGO Charlie Bacia
1st Runner-Up — DPWH Leo Ogrimen
2nd Runner-Up — PGO Danilo Galisanao

# CNWD itinataguyod ang GAD Program ng pamahalaang nasyonal

Bilang suporta sa *Gender and Development Program* ng pamahalaan at ng *Philippine Association of Water Districts (PAWD)*, itinaguyod ng *Camarines Norte Water District (CNWD)* ang pagsasanay ukol sa *Women and Children Empowerment*.

Isinagawa ito simula Setyembre 9-11 tuwing ika-1:30 ng hapon para sa tatlong (3) grupo ng mga kawani nito at kani-kanilang asawa. Ang pagsasanay ay nakatuon sa *RA 9262* na mas kilala bilang *Anti-Violence Against Women and Children Act of 2004* at *RA 9208* na tinatawag na *Anti-Trafficking in Persons Act of 2003*.

Sa unang bahagi ng programa, nagbigay ng *opening/welcome address* si *CNWD General Manager* Ma. Antonia B.F. Boma na sinundan ng mensahe ni Marisol C. Panotes, miyembro ng *CNWD board of directors*.

Ang mga paksa at naging tagapagtalakay sa naturang gawain ay ang mga sumusunod: *The Role of Civil Service Commission on RA 9262 and RA 9208* –Elizabeth B. Mateo, Director *II, Civil Service Commission Daet Field Office; Prohibited/*

***(Sundan sa pahina 8)***

# 1st An-Itan Festival 2008 isinagawa ng Brgy. Mambalite, Daet, CNorte

Isinagawa ng Brgy. Mambalite sa bayan ng Daet ang *1st An-itan Festival* simula Setyembre 18-27, 2008 na pinakatampok na gawain sa pagdiriwang ng kapistahan ng kanilang patron na si *Nuestra Señora de Peñafrancia* noong Setyembre 27.

Ang ideya ng pagsasagawa ng naturang *festival* ay nagmula sa layunin ng Sangguniang Barangay ng Mambalite na magkaroon ng malawak na promosyon ang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng mga residente nito – pag-alimango o 'an-it' sa lokal na dayalekto. Maliban sa industriya ng alimango, malaki rin ang potensyal ng naturang barangay sa pagbubukid dahil sa malawak nitong mga palayan at taniman.

Samantala, pormal na sinimulan ang naturang 10-araw na aktibidad sa pamamagitan ng angkop na programa noong Setyembre 18 na dinaluhan ng malaking bilang ng mga magsasaka mula sa ***iba't-ibang bayan*** sa Camarines Norte.

Isang indikasyon na sinasang-ayunan at sinusuportahan nila ang bagong programang pang-agrikultura ng pamahalaang nasyonal na *modified rapid composting technology (MRC)* na siyang pangunahing paksa sa naturang gawain, ang pagpapatupad nito sa lalawigan ay matamang sinusubaybayan ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* katuwang ang pamahalaang bayan ng Daet sa pamamagitan ni *Municipal Agriculturist* Esther V. Macabuhay.

Sa mensahe sa naturang okasyon na ipinaabot ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa pamamagitan ng kanyang kinatawan na si Dr. Napoleon Malaluan, sinabi nito na ang *MRC technology* ay higit na makatutulong sa mga magsasaka na siyang itinuturing na lakas o *backbone* n gating bansa. Makasisiguro rin aniya na magkakaroon ng sapat na pagkain sa hapag-kainan kung patuloy na pag-iibayuhin ng mga magsasaka ang pagiging masipag at bukas ang kaisipan sa mga makabagong teknolohiyang isinasagawa ng pamahalaan.

Naging panauhin at tagapagsalita rin dito ang mga kinatawan mula sa *Bureau of Soils and Water Management (BSWM), Manila* na sina Mercedes Fernando at Celso Bernabe, *Region V BSW Coordinator*.

Ayon kay G. Bernabe, sa pamamagitan ng *MRC technology* mababawasan na ang paggamit ng mga magsasaka ng mga inorganikong pataba na triple na ang halaga sa kasalukuyan bukod pa sa ginagawa nitong *acidic* ang lupa. Ang nasabing teknolohiya umano ay unang ginamit sa limang (5) ektaryang lupain sa Brgy. Lag-on at pinalawak ang sakop ng teknolohiya hanggang sa 20 ektarya nang mapuna ang magandang resulta nito.

Sa rehyong Bikol, ang tatlong probinsya ng Camarines Norte, Camarines Sur at Albay ang sumusubok sa *MRC technology*. Umaasa ang *BSWM* na patuloy na tatangkilikin ng mga taga-Camarines Norte ang naturang teknolohiya.

Kaugnay nito, nagbigay ng testimonya ang *MRC group* ng Brgy. Mambalite kung saan sinabi ng kasapi nito na tumaas ng 35-40 porsiyento ang kanilang ani bukod pa sa nakatipid sila sa mga gastusin partikular na ang pagbili ng inorganikong pataba.

Ipinahayag naman ng *MRC group* ng Brgy. Gahonon na ang nabanggit na teknolohiya ay una nilang ginamit sa 5 ektaryang lupain lamang at sa kasalukuyan ay umaabot na ito sa may 50 ektaryang lupain dahil sa magandang resulta nito. Hinikayat din nila ang iba pang mga magsasaka na sumali sa kanilang grupo upang matamasa rin nila ang tulong na ipinagkakaloob ng pamahalaan sa ilalim ng naturang programang pang-agrikultura. Higit sa lahat, nakita rin ng nasabing grupo na sa ilalim ng *MRC technology* ay naging mas mataas ang resistensya ng palay laban sa mga peste at insekto.

Bilang karagdagan, inilahad naman ni *MAFC* Gil del Barrio na sa kasalukuyan ay sinusubukan niya ang kumbinasyon ng *MRC technology* at palay *check*. Pinayuhan din niya ang mga nagtatanim ng palay na magtanim lamang ng mga *certified* o *hybrid seeds;* siguruhing mayroong angkop na patubig, at; kailangang sabay-sabay ring magtanim ang mga magkakatabing sakahan. Idinagdag din niya na kailangang kilalanin ng mga magsasaka ang mga kaibigan at kaaway na insekto, huwag magsunog ng dayami, at magkaroon ng tamang *postharvest techniques*.

Sinabi naman ni *Ms.* Mercedes Fernando ng *BSWM*, Manila na sa ilalim ng *MRC technology*, ilan sa mga ginagamit na *microbial inoculant* ay *bio-con* na nagrerelis ng mga sustansya sa lupa upang magamit ng tanim at *bio-n* na isang *nitrogen fixing bacteria*.

Isiniwalat naman ni *Supervising Agriculturist* Melchor R. Briñas ng *OPAg- Crops Division* ang mga programa ng pamahalaang panlalawigan tulad ng pagpapautang ng pataba at pestisidyo sa mga magsasaka.

Binigyang-diin din niya ang kabutihang hatid ng *waste segregation* o paghihiwalay sa mga nabubulok at di-nabubulok na basura, kung saan ang mga nabubulok na basura ay magagawa ring *organic fertilizer*.

Hinikayat naman ni *OIC Provincial Agriculturist* Edgar A. Estanislao ng OPAg ang mga residente ng Brgy. Mambalite na paunlarin ang industriya ng an-it o alimango upang ang lalawigan ay makilala sa buong bansa sa masarap na *an-it* ó alimango nito.

Idinagdag pa ni *OIC PA* Estanislao na ang *OPAg- Fisheries Division* umano ay nakipag-ugnayan na sa *Bureau of Fisheries and Aquatic Resources Regional Office 5 (BFAR RO5)* at ***SEAFDEC*** para sa pagtatayo ng isang *mudcrab hatchery* sa bayan ng Mercedes. Sa hinaharap, ito ang magiging pangunahing pagkukunan ng mga semilya ng alimango na ibebenta sa mga *mudcrab raisers* sa loob at labas man ng Camarines Norte. Isinusulong din umano ng pamahalaang panlalawigan ang *aquasilviculture* na gagawin sa bakawanan na makatutulong din upang hindi putulin ang nalalabi pang bakawan.

Natapos ang naturang programa sa pamamagitan ng pamamahagi ng *BSWM*, Manila ng *bio-con* sa mga dumalong magsasaka. ***MELINDA L. JEREZ/lt ibasco***

# PGMA nanguna...

(Mula sa pahina 1)

*tant* and *adviser* Padmanabha Kumbla Shenoy.

Tiningnan din ni Pangulong Arroyo ang mga pasilidad doon at pagkatapos ay nagtungo sa *administration building* ng naturang kumpanya. Dito rin ipinalam sa kanya ni *PCSI Pres. Shukla* ang tungkol sa operasyon ng naturang planta.

Ang *Biomass Boiler Facility (BBF)* ay *industrial heat generators* na tumutugon sa *heat requirements* ng *factories* at *manufacturing plants* para sa pang-araw-araw na operasyon nito. Gumagamit ito ng mga produktong mula sa kahoy at *agricultural wastes* tulad ng ipa at bao ng niyog para makalikha ng init na ginagamit nito bilang panggatong sa halip na gumamit ng gas, uling o langis na mas mataas ang presyo.

Ang naturang proyekto na inaasahang matatapos sa Enero 2009 ang tugon ng *PCSI* upang mabawasan ang mga problema na kaakibat ng *global warming.*

Ito ay sumusuporta rin sa mga pangunahing adhikain ng administrasyon ni Pangulong Arroyo na mapangalagaan ang ating kapaligiran.

Ang *PCSI* ay pag-aari ng *Aditya Birla Group*, isa sa mga pinakamalaking kumpanyang pag-aari ng mga taga-India na kumita ng mahigit US$5.6 bilyon sa loob ng limang dekadang operasyon nito sa India at sa may 30 taong operasyon sa 20 bansa tulad ng Amerika, *United Kingdom, Canada, Thailand Malaysia, Indonesia*, *Egypt* at Pilipinas.

Kabilang sa *product portfolio* ng kumpanya ang *fatty alcohol, fatty acids, refined gycerine* at *fatty acid residue* na ginagamit sa paggawa ng *detergents, pharmaceuticals, cosmetics* at *personal care products.*

Kabilang sa mga parokyano ng *PCSI* ang *Procter and Gamble, Unilever*, at mga kumpanya mula sa mga bansang *South Korea, United States* at *Europe*. ***(LANI V. LAGATUZ, PIA CNORTE/lt ibasco)***

# Bilang suporta ...

(Mula sa pahina 7)

*Punishable Acts under RA 9262 and Legal Remedies* – Atty. Archimedes O. Yanto, *CNWD Legal Counsel; Anti-Trafficking in Persons Act of 2003* – Purita P. Briñas, *Community Affairs Officer IV, Community Affairs Office/ Deputy Secretary* ng *Philippines Against Child Trafficking (PACT) National Campaign Council; Brgy. Protection Order* – Hon. William Carlo "Bong" Avila, Sangguniang Panlalawigan (SP) Ex-Officio Member (*President*, Liga ng mga Barangay-*Provincial Chapter*), at; *Programs/ Services for Victims and Survivors* – Lorna C. de Claro, *Provincial Social Welfare and Development Officer*.

Tampok din sa naturang programa ang *open forum* na isinagawa kung saan nabigyang-linaw at katugunan ang mga isyu at usapin na idinulog ng mga kalahok sa naturang pagsasanay.

Ang naturang gawain ay pormal na nagtapos sa pamamagitan ng *closing remarks* na ibinigay ni Melita B. Estrellado, *Division Manager C, Administrative and Finance Division, CNWD*. ***LT IBASCO***

# PGMA dumalo...

(Mula sa pahina 1)

paggupit ng laso ay pinangunahan ng pangulo na nagsilbing hudyat sa pormal na pagbubukas ng *Labo Tourism and Trade Fair Exhibit Center* na inilagay sa loob ng *Labo People's Park*. Ang naturang eksibit ay tinampukan ng iba't-ibang produkto at mga bagay na ginawa at pangunahing pinagkakakitaan ng mga residente sa Labo.

Pinangunahan din ni Pangulong Arroyo ang pagbubukas ng *Fiesta Trade Fair Exhibit* sa naturang liwasan, kung saan naka-displey ang pinyang "*Queen*" (*formosa)* na pangunahing produktong pang-agrikultura ng Camarines Norte na kinikilalang pinakamatamis na pinya sa bansa na ilang taon na ring iniluluwas sa mga bansang Korea, Hapon, Hongkong at Taiwan.

Itinampok din dito ang mga produktong mula sa pinya tulad ng *processed dried pineapples* gayundin ang mga hinabi at binurdahang tela na yari mula sa dahon ng pinya na likha ng *Labo Progressive Multi- Purpose Cooperative (LPMPC)* na aktibong katuwang ng pamahalaang lokal sa pagpapaunlad sa industriya ng pinya sa Labo.

Sa talumpati ng Pangulo sa *10th Busig-on Festival*, inilahad niya ang multi-milyong programang pansakahan sa lalawigan ng Camarines Norte na hindi lamang tayo ang makikinabang kundi maging ang mga Bikolano at lahat ng Pilipino sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga magsasaka at taumbayan ng mga kagamitan para mapabilis ang gawain sa sakahan at maitaas ang produksyon ng kanilang ani na may lokal at pandaigdigang merkado.

Sinabi rin ng pangulo na pag-aaralan kung paano magagamit ang Ilog Busig-On sa pagpapatubig ng mga bukirin, paglalaan ng pondo para mapataas ang produksyon ng niyog gayundin ang paglalagay ng *pineapple canning factory* para matugunan ang pangangalangan ng mga Amerikanong tagapamahagi ng pinya.

Para sa programang patubig, ibinigay ng pangulo kay Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang tsekeng P1.5 milyon na pantapat na pondo ng pamahalaang nasyonal para sa gagawing pag-aaral sa patubig dito sa lalawigan na ayon sa gobernador ay gugugol ng P3 milyon.

Agad na nagpasalamat si Gob. Typoco sa Pangulo dahil masisimulan na aniya ang proyekto na magiging daan para magkaroon ng mas masaganang ani ang lalawigan.

Idinagdag ng Pangulo na habang pinag-aaralan ang patubig ng Ilog Busig-on, magkakasabay naman na isinasagawa ng pamahalaang nasyonal ang mga tulay sa kahabaan ng *Maharlika Highway* na bumabagtas at nag-uugnay sa buong Timog Luzon. Ito ay isa sa mga istratehiya ng pamahalaan para mabawasan ang gastusin sa transportasyon sa pagluluwas ng mga pagkain sa iba't-ibang panig ng bansa para maiwasan ang patuloy na pagtaas ng presyo ng mga produkto sa mga pamilihan.

Binanggit pa ng Pangulo na ang kalsada ng Labo patungong Daet at ang nasa Barangay Malangkaw-Basud ay natapos na kaya mabilis na ang biyahe at hindi magastos ang pagbibiyahe.

Para mapalawak naman ang taniman ng niyog sa Labo, ibinigay ng Pangulo kay Labo Mayor Winifredo B. Oco ang P1 milyon ukol sa naturang proyekto na makatutulong sa mga magsasaka para magkaroon ng dagdag na kita lalo na at matatapos na sa Enero 2009 ang *Biomass Boiler Facility (BBF)* ng *Pan Century Surfactants, Inc.* na gagamit ng mga ipa at bao ng niyog bilang panggatong ng *BBF*.

Sinabi rin ni Pangulong Arroyo na kung papayag ang mga taga-Labo, pahihintulutan niya ang *Development Bank of the Philippines (DBP)* na balikatin ang US$10 milyon na kailangan ng Libbys, nagluluwas ng pinya, para makapagtayo ng planta ng nakalatang pinya sa kanilang bayan.

Inihayag din ng

(Sundan sa pahina 9)

# Father & Child Showcase of Talents Cum Talents Competition for Child Care Workers isinagawa sa CNorte


Naipakita ng mga *father and child tandems* ang kani-kanilang husay at talento sa *Fathers and Child Showcase of Talents Cum Talents Competition for Child Care Workers* na isinagawa noong Setyembre 24 simula ika-9:30 n.u. sa *Central Plaza Mall Atrium*, Daet, Camarines Norte.

Maliban pa ito sa *folk dance competition* na isinagawa rin kung saan nagtagisan sa husay sa pagsayaw ang mga *father and child tandem* na nakiisa at lumahok sa nasabing patimpalak.

Ang nasabing okasyon na may temang: "*Fathers and Families: Responsibilities and Challenges* – MAABILIDAD SI *DAD"* ay itinaguyod ng ***Council for the Welfare of Children*** *(CWC)* at Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pamamagitan ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)*. Ito ay kabilang sa *Early Childhood Care and Development (ECCD) Advocacy Event*, at bilang pakikiisa sa *Family Week celebration* na isinasagawa sa buong bansa.

Samantala, ang unang bahagi ng naturang programa ay tinampukan ng *welcome remarks/overview* ni Ms. Lorna C. de Claro *PSWD Officer* at *PECCDO*, mensahe nina Bokal Arthur Michael G. Canlas at Teresita DL. Malubay, at *inspirational talk* mula kay Gob. Jesus O. Typoco Jr. sa pamamagitan ni Dr. Napoleon A. Malaluan.

Bilang karagdagan, patuloy na sinusuportahan ng gobernador ang mga kahalintulad na gawain bilang pagtaguyod sa mga programa at proyekto na isinusulong ng lokal at pambansang pamahalaan gayundin ng samahang internasyonal upang lubusang matamo ng mga kabataan ang mga pribilehiyo at karapatang angkop at nararapat para sa kanilang maayos na paglaki. ***LT IBASCO***



# Senate Bill 2295... Ika-108...



(Mula sa pahina 10)

pag-aaral ukol sa pagtatanim, pag-ani at paggawa ng iba't-ibang produkto mula sa pinya. Ganun din ang *Del Monte* na nakabase sa Mindanao na isa ring *multi-national corporation* na may sapat na kakayahan sa ganitong gawain.

Ang naturang S.B. 2295 ay isinusulong ni Senador Antonio "Sonny" F. Trillanes IV sa layuning mas mapataas ang pambansang produksyon ng pinya na pangatlo sa pinakamahahalagang *tropical fruits* na sumusunod sa saging at mangga.

Kinikilala rin ni Sen. Trillanes na ang Cavite at Camarines Norte ang may malaking produksyon ng pinya ngunit wala pang *contract-grower operators* hindi katulad ng Bukidnon at South Cotabato kung saan may plantasyon ng pinya ang mga pribadong kumpanya ng *Dole* at *Del Monte*.

Idinagdag pa ni Trillanes na 34% ng iniluluwas na pinya ng Pilipinas sa ibang bansa ay mula diumano sa lalawigan ng Camarines Sur sa halip na Camarines Norte na agad namang iwinasto ni G. Briñas.

Ayon pa kay Sen. Trillanes, 30% naman ng pinya ang mula sa Cavite. Ang *formosa variety* ay malawakang itinatanim sa Camarines Norte samantalang sa Cavite naman ay ang *Hawaiian variety*.

Samantala, kung hindi naman maitatayo rito ang *NRDECP* ay hinikayat ni G. Briñas ang Senado na makapagtayo rito ng *satellite research center* para sa pinya upang mas mapaunlad ang kaalaman ng mga maliliit na mamumuhunang magsasaka ng pinya ukol sa makabagong pamamaraan sa pagtatanim nito, at mas mapalawak pa at mapataas ang produksyon nito sa Camarines Norte.

Sa pamamagitan din nito, makapagsasagawa ng mga pangunahin at istratehikong pag-aaral na panteknolohiya para maragdagan ang produksyon at mapakinabangan ang bawat bahagi ng pinya.

Kabilang din dito ang pagsasaliksik ng iba't-ibang *approaches* tulad ng, ngunit hindi limitado sa *hybridization*, paggamit ng *clonal variability* at *induced mutation* ng mga *suckers, in vitro culture* at *hybrid seeds*, sa pagpapaunlad ng mga bagong *varieties* ng pinya. Nakapaloob din dito ang pakikipagtulungan sa mga kinauukulang pambansa at pang-internasyonal na ahensya para matamo ang naturang mga layunin maliban sa iba pa. ***LT IBASCO***

(Mula sa pahina 10)

mang: "*REPUBLIC SERVICE – Kabalikat ng Bayan sa Panahon ng Paghamon*" sa pamamagitan ng pakikipagsabay sa pagtataas ng watawat sa buong bansa sa ganap na 8:30 n.u., ika- 1 ng Setyembre, taong kasalukuyan.

Una rito nagkaroon ng banal na misa sa ganap na 7:30 n.u. sa CN Agro-Sports Center. Pagkatapos ng sabay-sabay na pagtataas ng watawat ay nagkaroon ng parada na linahukan ng lahat ng sangay ng pamahalaang lokal at pambansang ahensiya man, kabilang na rin ang mga korporasyong pag-aari at kontrolado ng pamahalaan, at mga kolehiyong pribado at pang-estado na saklaw ng lalawigan.

Kaagad itong sinundan ng isang programa na inihanda ng Komisyon ng Serbisyo Sibil dito at mga sangay ng pamahalaang panlalawigan at nasyonal na ginanap sa *Camarines Norte Agro-Sports Center*.

Ilan lamang sa iba't-ibang aktibidades sa loob ng isang buwan kaugnay ng nasabing pagdiriwang ay ang mga sumusunod: Simulang Setyembre 1 hanggang 25 ay nagkaroon ng *Inter-Agency Sportsfest*; ang *Orientation/Promotion of Healthy Life Style* naman ay noong Setyembre 2-4; *Blood Letting Activity* - Set. 3; *Outreach Activities* - Set.5; *CSC Updates* - Setyembre 10; *Tree Planting* - Set.12; *Government Express Goes to the Mall* - Set. 15-17; *Family Day* - Set. 23; *Values Orientation Workshop* - Set.24-26, at; noong Set. 30 ay ang *Closing and Awarding Ceremony*.

Kaugnay nito, nagpaabot naman ng kanyang mensahe si *Commissioner* Karina Constantino -David na nagbibigay-pugay sa pagsusumikap ng mga lingkod – bayan na maingat at maayos na gumaganap sa kanilang mga tungkulin kahit na walang pangako ng mariwasang pamumuhay at kahit na magsakripisyo pa ng personal na oras at pag-aari dahil ipinagmamalaki at panatag sila sa pagbibigay ng mahusay na serbisyo sa publiko.

Binigyang-diin din niya ang kahalagahan ng kontribusyon ng karir serbis sa pagtamo ng hinahangad na pambansang kaunlaran. Aniya, sa likod ng bawat paghihirap at pagsisikap ng pamahalaan ay ang mga opisyal at kawani ng karir serbis na nagpapatatag sa institusyon at kasanayang pampropesyonal na kinakailangan ng pamunuang pampulitikal upang tuluy-tuloy na maisulong ang mga adhikain at programa nito.

Ipinaliwanag din niya na ang karir serbis ay isang hiwalay at natatanging institusyon na isang katuwang ng pamahalaan. Kaya aniya, angkop lamang na ilaan ang okasyon para ipagdiwang ang bukod-tanging pagkakakilanlan ng karir serbis at kilalanin at pahalagahan ang mahalagang papel na ginagampanan nito upang maipaabot at maisakatuparan ng pamahalaan ang tungkulin nito sa mga mamamayan.

Aniya, sa nakalipas na 108 taon, ang mga miyembro ng serbisyo sibil ay nahaharap sa isang paghamon na maging mas mahusay kaysa sa dati at higitan pa kung anuman ang paglilingkod na naibigay na. Hiniling din niya na muli ay samasamang ialay ang susunod na isandaang taon sa pagbuo ng *legacy of leadership* at *public trust* at ng karir serbis - ang katibayan ng burukrasyang pampropesyonal. ***ASG***

# PGMA dumalo ...

(Mula sa pahina 8)

pangulo na nakipagkita sa kanya sa Maynila noong isang buwan ang mga pinuno ng Libby's at pinag-usapan nila ang tungkol sa pataniman ng pinya at *pineapple canning plant*. Nang tanungin niya ang taumbayan na dumalo sa pagtitipon kung gusto nilang magkaroon ng *canning plant* ng pinya sa Labo, ipinahayag nila ang na malakas na tugon ng pagsang-ayon.

Binigyang-diin din ng Pangulo na kailangan ang pagtutulungan ng bawat Pilipino at ng pamahalaan upang matugunan ang hamon na kakibat ng pagtaas ng halaga ng langis at pagkain hindi lamang sa bansa kundi sa buong daigdig man.

Kaugnay nito, namahagi si Pangulong Arroyo ng 83 sertipiko para sa 300 biik na ipinamamahagi ng Kagawaran ng Pagsasaka sa ilalim ng *piglets restocking program*. Ipinamigay rin ang may 200 *bags* ng *open-pollinated variety (OPV) corn* at 12,000 *packets* ng *vegetable seeds* para magkaroon ng dagdag na kita ang mga magsasaka sa lalawigan.

Ang mga nabanggit na programang pang-agrikultura ay ilan lamang sa mga hakbang na isinasagawa ng administrasyong Arroyo para **LABANAN ANG KAHIRAPAN** sa bansa nang sa gayon ay lubusang maisulong ang ating ekonomiya. ***(LANI V. LAGATUZ, PIA CNORTE/lt ibasco)***




***Tinatanggap ni Ms. Seymour R. Pajares, Chief Personnel Specialist ng Civil Service Commission (CSC) Central Office ang isang plake mula kay Engr. Gerry Quiñones, EA IV, Dr. Nap Malaluan, Provincial Administrator at HRMO Ed Baracquiel nang ito ay maging guest speaker sa Closing Program ng Civil Service Month Celebration dito sa lalawigan ng Camarines Norte.***

# Senate Bill 2295 isinusulong sa Senado
# Briñas dumalo sa paanyaya sa joint hearing nito

***Senate Bill No. 2295* (S.B. 2295) - *Establishing the National Research, Development and Extension Center for Pineapple, Authorizing the Appropriation of Funds Therefor and for Other Purposes".***


Melchor R. Briñas

Dumalo si *Supervising Agriculturist* Melchor R. Briñas ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* sa *joint public hearing* ng *Senate Committee on Agriculture and Food* at *Committees on Trade and Commerce, Ways and Means, Civil Service and Government Reorganization, Science and Technology, and Finance* na isinagawa noong Setyembre 22 sa ganap na ika-1 n.h. sa *Sen. Recto Room, 2nd floor, Senate of the Philippines, Pasay City.*

Partikular na nagtungo roon si G. Briñas sa imbitasyon ni Senador Juan Miguel F. Zubiri, *Committee on Agriculture and Food* para makilahok sa deliberasyon at makapagbigay ng mahahalagang impormasyon at detalye na makatutulong para agad na maaprobahan ang *Senate Bill No. 2295* (S.B. 2295) - *Establishing the National Research, Development and Extension Center for Pineapple, Authorizing the Appropriation of Funds Therefor and for Other Purposes".*

Hiniling ni G. Briñas sa Senado na dito na lang itayo sa Camarines Norte ang *National Research, Development and Extension Center for Pineapple (NRDECP)* sa halip na sa *Central Mindanao University* sa Musuan, Bukidnon sapagkat ang Dole na isang *multinational corporation* na nakabase sa Bukidnon ay may sapat na pasilidad at nakapagsagawa na ng kaukulang

***(Sundan sa pahina 9)***

BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

**TAON 8, BLG. 3 DAET, CAMARINES NORTE SETYEMBRE 2008**
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com

# Ika-108 Anibersaryo ng Serbisyo Sibil ipinagdiwang sa Camarines Norte


***DIR.ELIZABETH MATEO***

Inumpisahan ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamama-gitan ng *Human Resource Management Division* ng *Governor's Office* na pinamumunuan ni G. Ed Baraquiel, *HRMO IV*, ang isang buwang pagdiriwang ng ika-108 taong anibersaryo na may te-

***(Sundan sa pahina 9)***









***Ang selebrasyon ng buwan ng serbisyo sibil dito sa Camarines Norte na nilahukan ng mga opisyal at kawani ng iba't-ibang ahensya ng pamahalaan sa lalawigan na nakiisa sa isinagawang flag raising ceremony sa harapan ng kapitolyo at nagparada sa palibot ng downtown Daet. Ang Cheer Dance champion na mula sa pamahalaang panlalawigan kasama sina HRMO IV Ed Baracquiel, CSC Director Elizabeth Mateo at Provincial Sports Coordinator Jose Reniva ng pamahalaang panlalawigan.***